

Alamin sa pamamagitan ng Man-ga

Pagtingin sa buwan



Sa taglagas, ang buwan ay lumilitaw na maganda sa kalangitan sa gabi, kaya ang kaugalian ng "pagtingin sa buwan" ay nakaugalian na sa Japan mula noong sinaunang panahon. Ang ju-goya o buwan na makikita sa ikalabinlimang gabi (Agosto 15 sa lunar calendar) ay sinasabing pinakamaganda sa isang taon, at bilang isang kaganapan upang ipagdiwang at pasalamatang ang ani ng taglagas, ang mga tao ay nagpapalamuti ng pampas grass, kumakain ng mga moon-viewing dumpling, at hinahangaan ang magandang buwan. Sa Japan, ang itim na pattern sa ibabaw ng buwan ay sinasabing parang rabbit na humahampas ng rice cake, ngunit sa buong mundo, tila maraming mga myths at legends na may kaugnayan sa buwan. Ang ika-15 na gabi ng lunar month sa 2025 ay sa Oktubre 6. Bakit hindi natin tingnan ang pinakamagandang buwan ng taon?

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English).


(<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)





Traffic rules ng bisikleta. I-check natin!

Simula sa Abril 2026,
ang pagmamaneho ng
illegal ay pagmumultahin



Sa tingin ko maraming tao ang madalas na gumagamit ng mga bisikleta bilang isang convenient na paraan ng transportasyon. Upang maiwasan ang mga aksidente sa trapiko ng bisikleta, suriin natin ang tamang patakaran sa trapiko.

Paano sumakay ng bisikleta: Limang mahahalagang tuntunin

- 1 Sumakay sa kaliwang bahagi ng kalsada
Ang mga bisikleta ay isang uri ng sasakyan, at sa ilang mga eksepsiyon, dapat na sila ay nasa kaliwang bahagi ng kalsada.
Kahit na sa mga bangketa kung saan pinapayagan ang mga bisikleta, ang mga naglalakad ang prioridad sa daan. Kapag nagbibisikleta, dahan-dahan lamang at manatiling malapit sa kalsada.
- 2 Sa mga intersection, sundin ang mga traffic light at stop sign, at siguraduhing ligtas ito.
- 3 Palaging ilagay ang ilaw sa gabi.
- 4 Hindi dapat magbisikleta kapag uminom ng alak.
- 5 Magsuot ng helmet para mabawasan ang panganib na ma-injure sa isang aksidente.



Bukod dito, ipinagbabawal din ang paggamit ng cellphone habang nagbibisikleta at ang pagbibisikleta habang may hawak na payong.

Kung hindi
sumunod sa mga
patakaran,
pagmumultahin !




Magpapataw ng mga parusa para sa paglabag sa mga panuntunan ito, at mula Abril 2026, aabisuhan ang mga lalabag at kinakailangang magbayad ng mga multa, katulad ng para sa mga kotse at motorsiklo. Halimbawa, kailangan mong magbayad ng 12,000 yen para sa paggamit ng iyong cell phone habang nagmamaneho, at 5,000 yen para sa pagmamaneho sa gabi nang hindi nakabukas ang mga ilaw. Siguraduhin na sundin ang mga tuntunin sa trapiko at magmaneho nang ligtas.

出典：「広報けいしちょう」春号（第111号）より抜粋し、JITCOが作成

Matuto ng mga panuntunan sa trapiko sa pamamagitan ng panonood

Ang JITCO Educational Materials Online Shop ay nagbebenta ng DVD na "Learn Japanese Traffic Safety through Q&A: Rules for Pedestrians and Bicycles." Ito ay naitala sa limang wika: Japanese, Chinese, English, Indonesian, at Vietnamese. Gamitin at pakinabangan natin ito.



Q&Aで覚える日本の交通安全
～歩行と自転車のルール～

Nakahanda ka ba sa isang sakuna?



Mahalagang maging handa sa mga sakuna na maaaring mangyari anumang oras at kahit saang lugar. Ilagay ang mga bagay na kailangan mong dalhin sa isang backpack o iba pang lalagyan nang maaga upang madala mo kaagad ang mga ito sa oras na magkaroon ng sakuna.

Maghanda ng mga supply para sa pag-iwas sa sakuna

- ✓ **Tubig na inumin**
- ✓ **Pagkain** Maghanda ng mga pagkaing tulad ng de-lata, hardtack, biskwit at iba pa na maaaring kainin kapag walang apoy.
- ✓ **Mga pang-araw-araw na pangangailangan**
Mga flashlight, portable stoves, mobile battery, atbp.
- ✓ **Hygiene products** Kasuotang panloob, portable toilet, wet tissue, toothbrush at toothpaste, mask, sanitary products, atbp.
- ✓ **First aid supplies** Band-aid, disinfectant. Magandang ideya na isama ang mga item tulad ng mga over-the-counter na gamot.



Isabay din natin na i-check ito —“Evacuation site” at “Evacuation shelter”—

Ang “Evacuation site” ay isang lugar na maaaring pag-likasan.

Isang pansamantalang evacuation area kung sakaling magkaroon ng malaking kalamidad. Ang mga bakuran ng paaralan at mga parke ay itinalaga bilang ganoon.

Ang “Evacuation shelter” ay isang lugar na maaari kang manirahan pagkatapos nang paglikas.

Kapag delikado ang manatili sa bahay dahil sa isang malakas na lindol o bagyo, o kapag naputol ang gas, kuryente, o tubig at mahirap manirahan sa iyong tinitirhan, maaari kang manirahan sa isang evacuation shelter sa isang tiyak na tagal ng panahon. Kahit sino ay maaaring gumamit ng evacuation shelter, ngunit siguraduhing sundin ang mga itinakdang patakaran.

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga evacuation site at shelter sa website o hazard map ng iyong lokal na pamahalaan.

政府広報オンライン（<https://www.gov-online.go.jp/article/201108/entry-8072.html>）より抜粋し JITCO が作成

とも

2025年10月 秋季号

2025年10月1日発行

発行

電話

JITCO ホームページ

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

<https://www.jitco.or.jp/>



jitco.official



@jitco_official